# FABalita

OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN

freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB


"Be affirmed and reminded that you all embody the meaning and spirit behind "WEare FAB." We are FAB because of each and every one of you – your hard work, your sacrifice, your perseverance, and your SOFT hearts."

# Ika-10 Stakeholders' Night ng AFAB,

## ang pinakamakinang na gabi sa Freeport Area of Bataan

**Idinaos ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) ang ika-10 nitong taunang Stakeholders' Night noong ika-26 ng Abril 2023 upang parangalan ang mga kabahaging nagpamalas ng kahanga-hangang kontribusyon sa paglago ng Freeport zone sa nakalipas na taon.**

Ngayong taon, muling kinilala ng AFAB ang mga kumpanyang nangibabaw sa iba't ibang kategorya at pinarangalan ang FAB Top Exporter, FAB Top Employer, at FAB Top Community Building Champion, gayundin ang mga indibidwal na nagpakita ng sipag at dedikasyon sa trabaho na siyang tumanggap ng mga parangal na Industrial Peace Champion, Community Hero, FAB Loyalty, Outstanding Job Performance, at Leadership Awards.

Iginawad rin ang mga parangal na Best HR Practices Award at Excellence in Workplace Safety Award sa mga grupo o departamentong makabuluhan ang naging ambag sa mga kumpanyang kanilang kinabibilangan. Hindi rin kinalimutan ng AFAB ang mga institusyon at indibidwal na naging katuwang ng AFAB sa mga makabuluhang proyekto sa pamamagitan ng FABnership Awards.

Personal na iginawad ni AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda at AFAB Deputy Administrator for Support Srvices Malou L. Herrera ang mga plake para sa mga nagsipagwagi, kasama ang ilang AFAB Department Managers at Division Heads ng AFAB.




Entablado ng AFAB Auditorium para sa gabi ng parangal na inihanda ng Authority of the Freeport Area of Bataan sa pagkilala ng mga tagumpay ng lahat ng bumubuo ng Freeport Area of Bataan (FAB). ■

Pinaunlakan naman ni Senior Deputy Executive Secretary Hubert Guevara ang gabi ng parangal bilang kinatawan ng ating Pangulong Ferdinand Marcos, Jr.. Kabilang din sa mga dumalo sina Mariveles Municipal Vice Mayor Lito Rubia kasama ang mga konsehal ng bayan.

Bilang pagtatapos sa programa, kinilala rin ng AFAB ang mga kumpanyang nangibabaw sa lahat ng kategorya at tinaguriang Overall Best FAB Enterprise of the Year. At sa huli, iginawad ang Consistency of Workplace Safety and Excellence Award sa Essilor Manufacturing Philippines Incorporated sa tatlong taon nitong pagkawagi sa kategorya.

Sa pagdiriwang na ito tinatanaw at kinikilala ng AFAB ang kahusayang ipinapamalas ng FAB Stakeholders sa bawat taon. Dito rin naipapamalas ng AFAB ang malalim nitong pagpapahalaga sa bawat pagsisikap ng buong komunidad ng FAB- ang tinuturing na tunay na bumubuhay sa Freeport. ■



Mula sa kaliwa - FAB Enterprise Department Manager Atty. Ramero S. Osorio, Finance Department Manager Charles M. Ramones, AFAB Community Services Department Manager Donia G. Alonzo, AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda, Senior Deputy Executive Secretary Hubert Guevarra, AFAB Deputy Administrator for Support Services Malou L. Herrera, Legal Department Manager Atty. Ma. Rosanna C. Lucio, Head Executive Assistant Mayette R. Quicho, at Administrative Services Department Manager Atty. Efren Joe P. Millora II.

# FAB League of Locators, nagbabalik!




Pormal nang binuksan ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) ang simula ng pinakaaabangang bakbakan ng mga pambatong koponan ng mga kumpanya sa loob ng Freeport Area of Bataan (FAB) noong 14 Abril 2023 sa FAB Sports Complex.


Sunud-sunod na ibinandera ng bawat kalahok ang makukulay nilang team flags sa ginanap na motorcade bago ang programa. Bilang pagbubukas, personal na naghatid ng mensahe si AFAB Deputy Administrator for Support Services Ma. Lourdes L. Herrera upang bigyang-diin ang kabuluhan ng gawain na pagbuklurin ang komunidad ng FAB sa diwa ng pagsasama -sama, pagkakaibigan, at sportsmanship.

Sa kabuuan, 31 kumpanya ang lumahok sa LOL kung saan 29 na koponan ang magtutunggali sa Basketball, 8 naman sa Volleyball, at 4 sa Zumba Competition.

Para sa unang araw, ipinamalas ng mga grupong kalahok sa Zumba Competition ang sigla't saya ng bawat miyembro nito sa pag-indak - patunay na isa ito sa mga nakakaaliw na gawaing makapag-bibigay sigla at lakas sa ating pangangatawan.

Bahagi ang taunang pagsasagawa ng LOL ng patuloy na adbokasiya ng AFAB na mapanatili ang kultura ng work-life balance sa loob ng Freeport. ■

# Investment Mission sa Japan, naging produktibo



AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda at 3rd District Representative Maria Angela S. Garcia kasama ang mga delegado't mamumumuhunan mula sa bansang Hapon sa naganap na investment mission sa Osaka, Japan. ■

Nagtungo sa bansang Hapon si AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda kasama si AFAB Marketing Chief Kelvin Rae G. Rodriguez noong 17 Abril 2023 para sa limang araw na outbound investment mission ng ahensya.

Naging produktibo ang kanilang pananatili roon sa pamamagitan ng aktibong pagdalo sa serye ng mga presentasyon, pagpupulong, at pormal na pagpapakilala sa mga iba't ibang mga mamumuhunan, partikular yaong mga nagpakita ng interes sa proseso ng waste-to-energy at sustainable manufacturing. Ibinida rin ng AFAB ang mga benepisyo ng pamumuhunan at ease of doing business sa FAB sa 30 Japanese investors.

Ang Hilagang Asya ang isa sa mga targetna rehiyon ng ahensyang mahikayat sa FAB para sa mas maraming oportunidad ng hanapbuhay para sa Mariveles at Bataan. Patunay ito ng patuloy na pagsisikap ng AFAB na magtanim ng magandang relasyon sa mga dayuhang mamumuhunan tungo sa pag-usbong ng marami pang negosyo sa Freeport. ■

# Mga industriya ng financial at blockchain technology sa FAB, patuloy na tinututukan ng AFAB



AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda kasama ang pamunuan ng kumpanyang BOM Group Corp. pagkatapos ipahayag ang interes nitong maging isang FAB Registered Enterprise. ■

Kabi-kabilang mga pagpupulong ang dinaluhan ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB), sa pangunguna ni Administrator Emmanuel D. Pineda noong Marso tungo sa layuning pagyabungin ang industriya ng financial at blockchain technology sa Freeport.

Una siyang nakipagpulong sa mga pamunuan ng ilang Korean-owned companies na inaasahang magiging Offshore Digital Assets licensees ng AFAB. Sinundan ito ng talakayan kasama ang mga kinatawan ng UnionBank of the Philippines tungkol sa posibilidad ng pagkakaroon ng digital payment arrangements gayundin ang iba pang oportunidad ng ugnayan sa aspeto ng blockchain and fintech businesses.

Mahalagang hakbang ang aktbidad na tulad nito sa patuloy na pagsusulong ng blockchain education sa bansa tungo sa layuning maging blockchain hub sa Asya.


Bunga nito, napukaw ng AFAB ang interes ng kumpanyang BOM Group Corp. upang maging isang ganap na FAB Registered Enterprise. Isang pagpupulong ang isinagawa noong ika-11 ng Abril 2023 upang pormal nitong ipahatid sa ahensya ang kagustuhang paandarin na ang kasunduan sa pamamagitan ng GICC-Impero OBFTS Group.

Hudyat ito ng simula ng kapana-panabik na pagyabong ng blockchain technology at pagdami ng fintech businesses sa Freeport. Sa pamamagitan nito, mabilis na makakamtan ng AFAB ang hangarin nitong maging blockchain hub sa Asya. ■

# FAB BITS



**Binisita ng mga Chinese Investors ang AFAB** noong ika-15 ng Abril 2023 na inaasahang magbunga ng maraming investment opportunities sa Freeport. ■




**Higit 200 indibidwal ang nabigyan ng libreng SIM Card Registration assistance ng AFAB** katuwang ang NTC-Region 3 at Smart/PLDT/Globe, noong 28 Marso 2023 na sinundan ng isa pang SIM Card Registration Event noong 19 Abril 2023. Sinamahan rin ito ng awareness seminar sa Sim Card Registration Act at Restricted Land Mobile Radiotelephone Operators Seminar. ■



**Isang Financial Literacy Seminar para sa mga PUV Operators at Drivers ang isinagawa ng AFAB**, sa pakikipagtulungan ng Hausland, noong ika-13 ng Abril 2023, kung saan ibinahagi ni Mr. Levin Prudente ang matalinong pagpapasya sa usapin ng pera at kung paano ito mapapalago sa iba't ibang pamamaraan. ■



**Patuloy na pinapalalim ng AFAB ang kaalaman at pang-unawa ukol sa gender and development** sa pagsasailalim sa mga kawani nito sa Gender Sensitivity Training noong 3-4 Abril 2023 sa pangunguna ni Ms. Vichel Rse J. Pangan, National GAD Resource Pool Member. ■